# Modular Distance Learning: Sa Panahon ng Pandemya

Patuloy pa ring sinusubok ng pandemya ang Kagawrabn ng Edukasyon kahit pa dalawang taong panuruan na itong nagpapatupad ng distance learning. Sa kabila ng masinsinang plano at maingat na pagbalangkas nito ay hindi maitatangging hindi nito kayang tumbasan ang kalidad ng edukasyon na kayang ibigay ng face-to-face class.

Sa pagpasok ng taong 2022 biglang lumobo ang bilang ng naitatalang kaso ng COVID-19. Mula 11,772 aktibong kaso noong Disyembre 30, 2021 ay nasa 226,521 na ito noong Enero 27. Dulot nito naantala rin ang napipisil na pagsisimula ng limited face-to-face classes sa maraming lugar na magsisimula na sana nitong Enero.

Samakatuwid, nananatili pa ring distance learning ang mode of learning sa bansa. Ang mga walang gadget at access sa internet ay nakabilang sa modular learning habang ang mga mayroon ay nakabilang sa digital learning.

Hindi pa rin malinaw kung kailan tuluyang matatapos ang krisis na nagpapahirap sa bansa ngunit malinaw na kailangang repasuhin ang umiiral na sistema sa edukasyon. Ang mahinang pundasyon ng edukasyon sa kabataan ay may malaking epekto sa kinabukasan ng bayan. Sinusubok ang mga taong saklaw ng institusyon ng edukasyon, ang mga mag-aaral, guro at magulang.

### *Mag-aaral*

Ayon sa datos ng Department of Education (DepEd), 27,232,095 ang bilang ng mag-aaral sa taong-panuruan 2021-2022. Higit na mas mataas ito ng 3.83% sa nakaraang taong-panuruan.

Sa bilang na nabanggit hindi magkakapareho ang antas ng kakayahan ng bawat mag-aaral. May mag-aaral na mabilis matuto at mayroon ding kailangan ng mas mahabang atensyon. Ang katotohanang ito noong wala pang pandemya ay nanatiling katotohanan hanggang sa kasalukuyan. Ang nakakalungkot ay

lumala ito sapagkat hindi maaaring turuan ng mga guro ang lahat ng estudyante katulad noong face-to-face class. Lubhang apektado ang mga mag-aaral na kailangan ng gabay upang ganap na matuto.

Abot kamay sana ang pagkatuto dahil sa internet, isang pindot lamang ay makikita na agad ang hinahanap. Subalit hindi lahat ng mag-aaral ay may maayos na gadget tulad ng cellphone at may malakas na internet connection. Matutugunan sana kahit papaano ng internet ang katanungan ng isang mag-aaral subalit hindi ito abot ng kanilang pribelehiyo.

Mapalad ang mga batang may personal tutors dahil natututukan at natuturuan sila nang husto. Sa ganitong paraan ay nakakamit nila ang antas ng kaalamang kagaya ng sa paaralan. Subalit hindi lahat ay mapalad, hindi lahat ay kayang magbayad upang sila ay turuan.

Malaking diskusyon rin kung natututo ba talaga ang mga mag-aaral sa distance learning. Katulad ng mga nabanggit ang iba ay abot kamay ang internet, isang tipa lamang ay makukuha na agad nila ang tamang sagot para sa Learning Activity Sheet (LAS) kahit hindi naman talaga sila nag-aral. Habang ang ilan ay hindi naman talaga sila ang nagsagot ng kanilang mga gawain kundi ang kanilang personal tutor.

Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa marami pang dahilan na humahadlang upang ganap na matuto ang isang mag-aaral. Maraming bata ang likas na matalino subalit dahil kapos sa pribelihiyo ay naiiwanan.

***Mga guro***

Hindi ligtas ang mga guro sa pagsubok na dala ng pandemya. Ginawang komplikado ng pandemya ang trabaho ng mga guro. Hindi madaling makilala ang mga mag-aaral na minsan lamang makausap at makita.

Mahirap kilatisin ang mag-aaral na nagpapakita ng pambihirang husay base lamang sa mga *written tasks* na kanilang ipinapasa. Hindi kasi gaya noong old normal na malayang makita ng mga guro ang performance nila sa iba't ibang

aspeto. Ito ang ilan lamang sa mga bagay na hindi kontrolado ng mga guro kahit pa gaano sila kahusay sa kanilang propesyon.

Humaharap din sa mas mahirap na suliranin ang mga matatandang guro na hindi mahusay sa paggamit ng mga bagong teknolohiya katulad ng mga bagong software at application. Lahat naman ay nais matuto subalit hindi maiiwasang dahil sa katandaan ay may kabagalan bago maging ganap na mahusay. Nakakahadlang ito sa kalidad ng kanilang pagtatrabaho.

***Mga magulang***

Damay ang mga magulang sa mga suliraning kinahaharap ng kanilang mga anak sa ganitong *mode of learning*. Hindi lahat ng magulang ay kayang turuan ang kanilang mga anak dahil hindi naman lahat ay nakapagtapos ng pag-aaral. Mahirap ituro ang bagay na hindi naman nila natutuhan kaya kahit gaano pa nila gustuhin ay hindi nila maturuan ang kanilang mga anak.

Prayoridad din ng karamihan sa kanila ang kanilang trabaho. Dulot nito ay wala silang panahon upang turuan ang kanilang mga anak. Ang ilan ay kayang magbayad ng personal tutors, bumili ng gadgets, at tustusan ang pang-load ng kanilang mga anak, ngunit karamihan ay hindi, sapagkat sapat lamang na pantustos sa pang-araw-araw ang kanilang kinikita. Samakatuwid, sa mga ganitong pagkakataon ay nakadepende rin sa magulang kung may matutuhan ba ang mag-aaral o wala.

Kaya naman sa ganitong panahon, napakahalaga ang patnubay para sa mga mag-aaral mula sa kanilang magulang. Ngunit hindi natin masisisi ang mga magulang kung kagaya sila ng mga nabanggit sa itaas.  Anoman ang dahilan, katanggap-tanggap man o hindi, ang kawalan ng patnubay ay may epekto sa isang mag-aaral lalo na kung wala pa ito sa hustong gulang.

***Estado ng edukasyon***

Hindi maaaring maantala ang pag-aaral ng kabataan kaya sa kabila ng matinding krisis ay pilit itinataguyod ng DepEd ang edukasyon sa bansa. May mga pagkukulang man na dapat punan ay nanatili naman silang bukas upang ito'y tugunan.

Delikado man ang sitwasyon ng edukasyon sa gitna ng pandemya, buong puso pa ring ginagampanan ng mga guro ang hamon ng kanilang propesyon. Hindi madali ang matuto sa ganitong panahon ngunit sa kabila nito ay marami pa ring mag-aaral ang nagsusumikap wakasan ang kamangmangan. Tunay ngang isang malaking hamon ang krisis na ito pero nakatutuwang isipin na nanatiling nasa likod ang mga magulang, ginagampanan ang mga bagay na kaya nilang tugunan.

CARDINAL G. MANANES
Teacher III
MAGTANGGOL INTEGRATED SCHOOL